

Sumali sa Virtual na Sesyon para sa Impormasyon ng Southwest Gas Corporation tungkol sa Mga Panimulang Programa sa Decarbonization sa Kapitbahayan

Kaugnay ng Senate Bill 1221 at ng boluntaryong programa ng California Public Utilities Commission (CPUC) na magtalaga ng mga prioridad na kapitbahayan para sa mga proyektong maaaring magpalipat sa ilang customer ng gas tungo sa mga alternatibong matipid at walang emisyon.

MARSO 10, 2026, NANG 2 P.M. (VIRTUAL LANG)

Microsoft Teams:

<https://teams.microsoft.com/meet/25073116481233?p=cIGSHEMiGKWdSyRqZP>

ID ng pulong: 250 731 164 812 33

Passcode: 8r5H5Zy3

Mag-dial gamit ang telepono: 1-213-279-1095

ID ng Kumperensya sa Telepono: 879 344 491#

Tandaan: Kung kailangan ninyo ng interpreter ng wika, mangyaring makipag-ugnayan kay Laurie Brown, Regulatory Manager/California for Southwest Gas sa laurie.brown@swgas.com nang hindi bababa sa limang araw ng negosyo bago ang Sesyon para sa Impormasyon.

BAKIT DAPAT DUMALO?

Pinapayagan ng Senate Bill 1221 ang hanggang 30 panimulang proyekto sa buong California para tulungang ilipat ang ilang kapitbahayan sa mga mas malinis at walang emisyonang opsyon sa enerhiya mula sa natural gas. Binubuo ng CPUC ang mga panuntunan para sa programang ito sa Rulemaking 24-09-012.

Ang virtual na kaganapang ito ay magbibigay sa inyo ng pagkakataong ibahagi ang inyong mga saloobin tungkol sa kung aling mga kapitbahayan ang dapat isaalang-alang bilang mga prioridad na decarbonization zone. Ang mga zone na ito ay mga lugar kung saan maaaring magpanukala ng mga proyekto para sa malinis na enerhiya sa hinaharap. Gusto naming marinig ang inyong input tungkol sa mga lokal na panganib sa kapaligiran, access sa pagpapainit at pagpapalamig, mga pagsasaalang-alang sa kalusugan, mga hadlang sa decarbonization sa komunidad, at mga pagsasaalang-alang sa pagkakaiba-iba at pagkakapantay-pantay na nakabalangkas sa Senate Bill 1221.

PAANO ITO MAKAKAAPEKTO SA MGA CUSTOMER?

Maaaring makaimpluwensya ang mga pagsisikap na ito sa imprastraktura ng enerhiya at mga programa sa hinaharap na sumusuporta sa mas malilinis at mas ligtas na opsyon sa enerhiya para sa mga komunidad, kabilang ang mga kapitbahayang mahihirap at mababa ang kita.

SAAN AKO MAKAKAKUHA NG HIGIT PANG IMPORMASYON?

Bisitahin ang www.swgas.com/en/california-rates-and-regulation para sa mga detalye, kabilang ang mga mapa ng mga paunang decarbonization zone. Maaari din ninyong tingnan ang **webpage ng CPUC para sa Rulemaking 24-09-012** para sa ilang opisyal na dokumento, isang sheet ng impormasyon, at mga update. Mangyaring banggitin ang **Rulemaking 24-09-012** sa anumang pakikipag-ugnayan sa CPUC.

PARA SA MGA TANONG:

Kung may mga tanong kayo tungkol sa proseso ng Rulemaking na ito, mangyaring makipag-ugnayan kay Laurie Brown, Regulatory Manager/California for Southwest Gas sa laurie.brown@swgas.com.